

# Kapani-paniwala at Tumatalab na Kristiyanong Paglilingkod ayon sa Landas ng Pagsasanay ng Kontekstwal na Kamalayan ni Jose de Mesa

Sheldon R. Tabile, O.Carm., M.A. Phil., M.A. Th.

*Titus Brandsma Intitut  
Radboud University Nijmegen*

Ngayon, higit kailanman, sinusubok ang kredibilidad ng Paglilingkod sa Kristiyanong paraan. Sa panahon ng konsumerismo, materyalismo, teknolohiya, pragmatismo, at panksyunalismo, kapani-paniwala at may talab pa ba ang landas na ito? Ayon kay Papa Francisco, “Nakasalalay ang kredibilidad ng simbahan at ng kristiyanong mensahe kung papaano naglilingkod ang mga Kristiyano sa mga nasa laylayan ng lipunan.”<sup>1</sup> Sa papel na ito, sisikaping bigyang pansin kung ano ang maituturing na Kristiyanong paglilingkod na kapani-paniwala at tumatalab sa harap ng mga hamon sa kasalukuyang panahon. Magiging batayan ang pagsasanay ng kamalayang kontekstwal na iminumungkahi ni Jose de Mesa. Mula rito, mag-aalok ng ilang tanda sa landas na kapani-paniwala at tumatalab na kristiyanong paglilingkod.

## Mabathalang Aral ayon sa Dokumento ng Ikalawang Konseho Vatikano

Aggiornamento<sup>2</sup> at ad Fontes<sup>3</sup> – ito ang magkaugnay na adhikain at gawain para sa pagpapanibago ng simbahan ayon sa Ikalawang Konseho Vatikano. Binibigyang halaga nito ang dalawang gampanin

<sup>1</sup> “Go to the Margins – Pope Francis Speaks,” *homily to new cardinals*, Feb. 14, 2015, <http://catholicworker.org.nz/the-common-good/go-to-the-margins-pope-francis-speaks/> (accessed March 25, 2017). “The credibility of the Church and of the Christian message rests entirely on how Christians serve those marginalized by society. I urge you to serve the Church in such a way that Christians — edified by our witness — will not be tempted to turn to Jesus without turning to the outcast, (will not) become a closed caste with nothing authentically ecclesial about it. Serve Jesus crucified in every person who is marginalized. See the Lord present even in those who have lost their faith, or turned away from the practice of their faith, or who have declared themselves to be atheists. We will not find the Lord unless we truly accept the marginalized! Truly, the Gospel of the marginalized is where our credibility is at stake, is found and is revealed!”

<sup>2</sup> Aggiornamento, isang Italyanong salita na nangangahulugang pagpapanibago. Sa gabay ni Papa Juan XXIII, itong ang naging giya ng Ikalawang Konseho Vatikano. Binigyang pahalaga nito ang mga karanasan at kalagayan ng mga tao at kaugnayan ng ebanghelyo dito.

<sup>3</sup> Ad Fontes, isang Latinong salita na ang ibig sabihin ay magbalik-ugat/bukal. Habang binibigyang halaga ang mga karanasan ng tao, kapwa binigyang diin ang pamanang pananampalataya ng Hudyo-Kristiyano. Nilalayan na bumalik sa banal na kasulatan at tradisyon bilang bukal ng pananampalataya.

at tunguhin ng simbahan: ang kaugnayan at kinalaman ng simbahan sa kasalukuyang karanasan ng mga tao; at ang katapatan ng simbahan sa karasanang pananampalataya. Ito ang pananaw ng konseho na siya namang naging batayan para sa landas ng pagteteolohiya. “Maraming mga bagay ang dapat bigyan ng kaagarang pansin... sa tanglaw ng ebanghelyo at ng karanasang ng mga tao.”<sup>4</sup>

Itinuturo ng Ikalawang Konseho Vatikano ang kahalagahan ng pakiisa sa kasalukuyan at pamanang karanasan ng mga tao.<sup>5</sup> Nangangahulugang batid ng simbahan ang hirap na binabata ng kanyang kawan; nadarama at nauunawaan ito bilang sariling karanasan. Ang pakikilakbay sa karanasan ng sambayanan ay isang mahalagang aspekto ng pagsunod kay Hesus.

Bagamat sinasabi na ang lahat ng teolohiya ay may karanasan o may konteksto ngunit hindi lahat ay may kamalayan at nagsusulong nito bilang isang mahalagang bahagi ng pagteteolohiya. Ang isang teolohiya na kontekstwal o naka-ugat sa karanasan ng mga tao ay kinakailangan ng kamalayan sa prosesong ito at kinikilala ang karanasan bilang pangunahing bahagi ng teolohiya.

Ang mga karanasang ito ay binubuo ng maraming aspekto na siyang nagbibigay ng gabay at pamantayan sa kontekstwal na paglilingkod. Sinabi ng Pastores dabo Vobis na “... isa sa mga mahalaga (sa pastoral na teolohiya) ay ang pagkaunawa sa kalagayang panlipunan at eklesiastikal kung saan nangangailangan ng isang pastoral na pagkilos bilang tugon.”<sup>6</sup> Iminumungkahi ng dokumentong ito ang pagsusuri ng kalagayan at struktura ng lipunan

<sup>4</sup> *Gaudium et Spes* no. 46. “This council has set forth the dignity of the human person, and the work which men have been destined to undertake throughout the world both as individuals and as members of society. There are a number of particularly urgent needs characterizing the present age, needs which go to the roots of the human race. To a consideration of these in the light of the Gospel and of human experience, the council would now direct the attention of all.”

<sup>5</sup> Sinasabi sa panimula ng *Gaudium et Spes*, “The joys and the hopes, the griefs and the anxieties of the men of this age, especially those who are poor or in any way afflicted, these are the joys and hopes, the griefs and anxieties of the followers of Christ. Indeed, nothing genuinely human fails to raise an echo in their hearts. For theirs is a community composed of men. United in Christ, they are led by the Holy Spirit in their journey to the Kingdom of their Father and they have welcomed the news of salvation which is meant for every man. That is why this community realizes that it is truly linked with mankind and its history by the deepest of bonds.” *GS* no. 1.

<sup>6</sup> *Pastores Dabo Vobis* no. 57. “It needs to be studied therefore as the true and genuine theological discipline that it is; pastoral or practical theology. It is a scientific reflection on the Church as she is built up daily, by the power of the Spirit, in history; on the Church as the “universal sacrament of salvation,” as a living sign and instrument of the salvation wrought by Christ through the word, the sacraments and the service of charity. Pastoral theology is not just an art. Nor is it a set of exhortations, experiences and methods. It is theological in its own right, because it receives from the faith the principles and criteria for the pastoral action of the Church in history, a Church that each day “begets” the Church herself, to quote the felicitous expression of the Venerable Bede: “Nam et Ecclesia quotidie gignit Ecclesiam.” Among these principles and criteria, one that is specially important is that of the evangelical discernment of the socio - cultural and ecclesial situation in which the particular pastoral action has to be carried out.”

katambal ang teolohikal na pagninilay sa mga ito.<sup>7</sup> Ito ang tinatawag na “doing theology” – pagninilay, pagpapahayag, at pagkilos.

## Impluwensya ng Konteksto at Paghahayag ng Pananampalataya

Isinasaad sa *Mysterium Ecclesiae*, isang dokumento ng Congregation of the Doctrine of Faith, ang impluwensiya ng kontesкто sa kapahayagan ng pananampalataya. Batid ng simbahan na may kahirapan ang pagpapamana ng Mabathalang Pahayag. Isa sa itinuturing na dahilan ang impluwensiya ng iba't-ibang kalagayan sa kasaysayan sa pagtuturo nito. Ang kapahayagan ng pananampalataya ay bahagyang nakadepende sa kakayahan ng wika na ipahayag sa isang paraang naangkop sa kasalukuyang panahon at kalagayan.<sup>8</sup>

Kaya't ang gampanin ng isang teologo, ayon sa dokumento, ay ipaliwanag ng malinaw ang mga katuruan na ipinahayag sa iba't-ibang pormula, mga pagpapaliwanag ng kahulugan ng katuruan ng simbahan. Bagama't ang kahulugan ng dogma ay hindi nagbabago at totoo kailanman ngunit, kinakailangan itong ilahad sa paraang naangkop sa mga hamon ng panahon.<sup>9</sup>

Ang *Mysterium Ecclesiae* ay nagmumungkahi ng isang paraan ng pag-aaral, pagpapayaman, at paglalahad ng katuruan ng simbahan na tumutugon sa mga hamon ng panahon habang nanatiling tapat ang katotohanang kanyang itinuturo. Mababakas *Mysterium Ecclesiae* ang apat na aspekto ng pagsasakonteksto ng mga pahayag na doktrinal. Tinukoy ito ni Jose de Mesa bilang mga pagsasanay

<sup>7</sup> *Ang Social Analysis: Linking Faith and Justice* ni Joe Holland at Peter Henriot na nailimbag noong 1983 ay maaring maging sanggunian sa iba't-ibang aspekto ng karanasan na susuriin. Inilatag dito nila Joe Holland at Peter Henriot ang mga panlipunang struktura para sa pagsusuri: ekonomik, politikal, sosyal, kasarian, ekolohikal, kultural, at relihiyosong struktura. Ang mga ito ay dumaraan sa apat ng yugto ng pagsusuri: daupang palad, pagdalumat, pagninilay, at tugon. Ito ang tinatawag na pastoral circle. Mahalaga ang mga ito sa pagkilala ng mga tanda ng panahon. Ang panlipunang kalagayan ay mahalagang bahagi ng karanasan na isa sa mga pole ng pagteteolohiya.

<sup>8</sup> *Mysterium Ecclesiae* no. 5. “The transmission of divine Revelation by the Church encounters difficulties of various kinds. These arise from the fact that the hidden mysteries of God ‘by their nature so far transcend the human intellect that even if they are revealed to us and accepted by faith, they remain concealed by the veil of faith itself and are as it were wrapped in darkness.’ Difficulties arise also from the historical condition that affects the expression of Revelation.”

<sup>9</sup> *Ibid.* “For this reason theologians seek to define exactly the intention of teaching proper to the various formulas, and in carrying out this work they are of considerable assistance to the living Magisterium of the Church, to which they remain subordinated. For this reason also it often happens that ancient dogmatic formulas and others closely connected with them remain living and fruitful in the habitual usage of the Church, but with suitable expository and explanatory additions that maintain and clarify their original meaning. In addition, it has sometimes happened that in this habitual usage of the Church certain of these formulas gave way to new expressions, which, proposed and approved by the Sacred Magisterium, presented more clearly or more completely the same meaning.

As for the meaning of dogmatic formulas, this remains ever true and constant in the Church, even when it is expressed with greater clarity or more developed.”

ng kamalayang kontekstwal. Ito ang mga (1) pinagkaabalahan; (2) ipinalalagay; (3) paraan ng pag-iisip, pagdama at pagkilos; at (4) MakaFilipinong Pagpapahayag ng Pananampalataya. Ito ang mga nagsisilbing tanda ng isang kontekstwal na pagteteolohiya.<sup>10</sup>

Bakit ang mga tanda sa kontekstwal na teolohiya mula sa *Mysterium Ecclesiae* ang mungkahing batayan ng Kristiyanong paglilingkod? (1) Isinasaalang-alang ng pag-aaral na ito ang dokumento ng simbahan na kumikilala sa impluwensiya ng konteksto sa pagpapayahag ng pananampalataya. Ibig sabihin nito opisyal na turo ito ng simbahan at hindi masasabing ideolohiya lamang ng iilan; (2) Tinukoy ng dokumento ang mga aspeto ng konteksto. Sa dokumentong ito, malinaw na inilahad ang mga 'tanda' ng kontekstwal na teolohiya na madaling sundan ng mga nagnanais na sumuri sa kontekstwalidad ng isang teolohiya.

## 1. Pinagkaabalahan

Kapag sinabing pinagkakaabalahan, tumutukoy ito sa mga tanong, isyu, suliranin - mga bagay na bumabagabag sa kalooban at pamayanan. Ito ang pinagsisimulan ng paglilingkod: karanasan ng mga tao.<sup>11</sup> Bahagi nito ang pakikipamuhay sa mga taong pinaglilingkuran. Binibigyan ng pagkakataon nito na maranasan ng naglilingkod ang iba't-ibang kalagayan pamayanan. Dito nahuhubog ang isang pananaw at pang-unawa na naka-ugat sa karanasan ng mga tao. Ito ang tinatawag na "contextualized formation."

Ang naglilingkod ay nakikipamuhay sa isang proseso na siyang nagtuturo ng mga aral mula sa buhay. Malaking bagay ang pakikipamuhay sa paglilingkod. Iniuugat nito ang paglilingkod sa karanasan. Sa pagproseso nito, namumulat at napapalawak ang pang-unawa sa realidad. May aral na mapupulot sa mga karanasan ng tao at nahahalaw ito sa proseso.

Sa teolohiya at kontekstwal na paglilingkod, itinuturing ang pakikipamuhay bilang mahalagang bahagi nito.<sup>12</sup> Sinabi ni Congar,

<sup>10</sup> Tingan, Jose de Mesa, *Mabathalang Pag-aaral: Isang Panukala para sa Pagteteolohiya ng Pilipino* (Manila: Vee Press at DLSU, 2010), 91-103. Makikita rin sa Jose de Mesa, "Contextual Theologizing: Futture Perspective" *East Asian Pastoral Review* 40:3 (2003): 273.

<sup>11</sup> Catalino Arevalo, "On the Theology of the Signs of Times," *Philippine Priests' Forum*, 4:4 (December 1972), 18. Sinabi niya, "(The scripture is no longer) the springboard nor the data of tradition but becomes instead what is going on in the world."

<sup>12</sup> Carlos Abesamis, *What is Inside the Wooden Bowl?*, 50. Sabi ni Abesamis, "the theologian shares life with flesh and blood people, life situations and cultures - through immersions and/or work among the people. What is called immersion is essential. Some processing of the experience is in order at this point. No ivory-tower scholar here. Contemporary life is a theological source. It is integral

*Kung ninanais ng simbahan na maging malapit sa totoong suliranin ng kasalukuyang mundo, at sikaping tugunan ang mga ito, gaya ng nasasaad sa konstitusyon ng Gaudium et Spes at sa sulat ensiklikal na Populorum Progressio, kinakailangang magbukas ng bagong kabanata sa pastoral at teolohikal na epistemolohiya. Kinakailangang nagsimula mula kasalukuyang kalagayan, sa halip na magsimula sa datos Revelation at Tradisyon, gaya ng sa kadalasang ginagawa sa klasikal na pagteteolohiya.<sup>13</sup>*

Ang mga pamayanang kinapamumuhayan at pinaglilingkuran ang nagsisilbing konteksto ng kanilang pagteteolohiya at paglilingkod. Ngunit mas binigyang pansin ang mga karanasan ng mga naghihirap bilang pangunahin nilang konteksto. Hindi ito nalalayo sa “Liberation Theology,”<sup>14</sup> kung saan binibigyan ng pagkiling ang mga api at dukha.

Kinikilala ng Liberation Theology na ang kalagayan ng mga tao ay kadalasang hindi maayos o maginhawa. Kaya’t sa pakikipamuhay ng paglilingkod, marapat na pakinggan ang kanilang mga hinaing tulad ng sakit, kawalan ng trabaho at makain, kawalan ng aral, kawalan ng direksyon sa buhay, at iba pa. Ngunit hindi ito natatapos dito. Ang pagtukoy sa dahilan ng kahirapang ito ay kasing halaga ng kamalayan na sila’y naghihirap. Sa bahaging ito, makikita ang kahalagahan ng “social analysis”/panlipunang pagsusuri sapagkat ito ang magdadalumat sa mga sistemang panlipunan na nagpapahirap sa mga tao. Kabilang dito ang simbahan bilang isang panlipunang sistema.<sup>15</sup>

Habang nakikilakbay ang naglilingkod sa mga karanasan ng tao, sila’y bumubuo ng mga pangarap, mga pangarap ng paglaya.

---

to doing theology.”

<sup>13</sup> Yves-Marie Congar, *Situation et tâches présentes de la théologie*. Paris: Les Editions du Cerf sinipi sa Rodrigo Mejía, “The Impact of the Pastoral Circle in Teaching Pastoral Theology,” sa *The Pastoral Circle Revisited*, ed. Frans Wijzen et. al. (New York: Orbis Books, 2005), 129. “If the Church wants to be close to the real problems of today’s world and to endeavor itself to give answer to them, as it intended in the Constitution, Gaudium et Spes and in the encyclical Populorum Progressio, it has to open a new chapter of pastoral and theological epistemology. Instead of starting only from the data of Revelation and Tradition, as classical theology has usually done, it will be necessary to start from the data and problems coming from the world and history. It is less easy.”

<sup>14</sup> Aloysius Pieris, *An Asian Theology of Liberation* (New York: Orbis, 1988), 60-61.

<sup>15</sup> Carlos Abesamis, *What is Inside the Wooden Bowl? Or How not to Move Towards a Contextual Theology* (Manila: Socio-Pastoral Institute, 1997), 50. “[1.] After the first indispensable act of commitment, the theologian (professor and student) shares life with flesh-and-blood people, life-situations and cultures, through immersion and/or work among the people. What is called ‘immersion’ is essential. Some Processing of the experience is in order at this point. No ivory-tower scholar here. Contemporary life is a theological source. It is a fountainhead of theological issues. It is integral to doing theology. [2.] Social analysis uncovers social system which produce the poor, marginalized women, destruction of environment, etc. Included here is the analysis of the Church as a social system.”

Masasabing kontekstwal ang ganitong landasin sapagkat ang konteksto ang humuhubog sa pagtingin sa kalagayan ng mga tao, landas ng pagtetelohiya, at tumutukoy ng mga isyu na marapat na tugunan. Bahagi nito ang pagkilala na ang kalagayang ito ay natatanging Filipino at hindi banyaga.

Mahalaga ang landas ng kontekstwalisasyon na nagsusulong sa paglaya sa isang makaFilipinong paraan. Pagtugon ito sa mahirap na kalagayan ng mga tao ngunit kapwa binibigyang pagpapahalaga ang kulturang Pilipino.

Ang pagbibigay ng halaga sa karanasan ng mga tao ay bunga ng paniniwala na ang kasanayan sa teolohiya at paglilingkod ay hindi lamang para sa mga pormal na nag-aral nito, kundi para sa lahat ng tao. Sa madaling salita, lahat ay may kakayahang maging teologo; lahat ay maaring maglilingkod. Hindi lamang ang mga dalubhasang teologo ang maaring magbigay ng tugon sa mga katanungang may kinalaman sa pananampalataya at batid ito ng mga naglilingkod sa kanilang pakikipamuhay sa mga tao. Ang aral na ito ay mula sa pakikipamuhay ng mga naglilingkod. Kanilang natuklasan na may kakayahang magnilay ang mga tao sa kanilang karanasan at pagtalabin ito sa pamanang pananampalataya. Maaring hindi kapareho ang resulta katulad nang sa akademya - diskurso at mga akademikong papel - ngunit hindi maikakaila na teolohiya ang tawag sa talabang ito: kanilang karanasan at pamanang pananampalataya. Makikita ito lalong-lalo na sa mga pagbabahaginan ng salita ng Diyos - bibliarasal- sa mga pamayanang Kristiyano.<sup>16</sup>

Ang pagteteolohiya at kontekstwal na paglilingkod ay nagaganap sa kalagayan, sa pamayanan ng mga teologo - mga skolar at di-skolar, mga teologo sa pamantasan o unibersidad at pamayanang Kristiyano, mga dalubhasa at pangkaraniwang-tao.<sup>17</sup> Hindi lamang ang mga tao ang nagtatanong at mga teologo ang pagmumulan ng

<sup>16</sup> Hans Küng, "A New Basic Model for Theology: Divergencies and Convergencies" nasa *Paradigm Change in Theology*, mga pagnugot, Hans Küng at David Tracy (New York: Crossroads, 1991), 443. "The particular community (Khun) in which the theological paradigm change takes place is the community of theologians (scholars or non-scholars, theologians at a university or in a basic community, professional writers, or laity). The community belongs within the context of the community of believers (that is to say, the church, in the broadest sense of the term), and has as its background the community of humanity in general (that is, human society).

<sup>17</sup> Hans Küng, "A New Basic Model for Theology: Divergencies and Convergencies" nasa *Paradigm Change in Theology*, mga pagnugot, Hans Küng at David Tracy (New York: Crossroads, 1991), 443. "The particular community (Khun) in which the theological paradigm change takes place is the community of theologians (scholars or non-scholars, theologians at a university or in a basic community, professional writers, or laity). The community belongs within the context of the community of believers (that is to say, the church, in the broadest sense of the term), and has as its background the community of humanity in general (that is, human society).

tugon. Maari ring ang mga 'teologo' ang magtatanong at mga tao ang magbibigay ng liwanag dito.<sup>18</sup> At hindi rin laging mga naglilingkod ang laging kumikilos, may kakayahan din ang mga tao na kumilos para sa ikagaganda ng kanilang kalagayan. Nangangahulugan lamang na ang mga tao ay hindi tagatanggap ng mga aral at biyaya mula sa mga naglilingkod. Sila ay may kayayahan at hindi kailangang laging nakasandal sa mga naglilingkod at marapat na kilalanin ito.

Sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, ang mga tao ay mahihimok, kasama ang mga naglilingkod, na impluwensyahan ang mga struktura na nagpaparihap sa karamihan. Susi ito sa pagbabago sa ugnayan sa mga magka-banggang uri sa lipunan. Magbibigay daan ito sa mga bagong struktura na nakikinig at isinasaalang-alang ang mga naghihirap, inaapi, naisasantabi at nakaliligtaan. Kumikiling ang ganitong landas ng pagteteolohiya sa mga mahihirap at naghihirap. Bunsod ito ng paniniwala kay Hesus bilang tagapagpalaya at tagapagbigay ng ginhawa.

## 2. Ipinapalagay

Ang paniniwala sa Diyos ay bahagi ng Kulturang Pilipino. Maaring hindi lahat, ngunit ito ay totoo sa nakararaming Pilipino.<sup>19</sup> Sa pag-aaral ni Consuelo Paz, mababakas ang malaking gampanin ng kinikilalang Diyos sa buhay ng mga tao. Sinasabi na ang Diyos ang nagbibigay ng kasiguraduhan sa maginhawang buhay sapagkat siya ang may kapangyarihan na magbibigay ng kapayapaan, kaligayahan, at kaayusan.

<sup>18</sup> Tingnan, Karl Gaspar, *Pumipiglas: Teolohiya ng Bayan, A preliminary Sketch on the Theology of Struggle - from a Cultural-Liturgical Perspective* (Quezon: Socio-Pastoral Institute, 1986), 37. "Grassroots themselves should be the subject-authors in the doing of Theology that is based on the following conviction: every theology is conditioned by the class position and class consciousness of the theologian. Unconsciously we see and interpret reality according to our social class position and especially according to the class consciousness we carry with us. The basic question is: who is theologizing, and for whom? We of the middle-class must take infinite reserve in making claims of being the "voice of the voiceless." In our discussion in favor of the poor and the oppressed, we must take care that we present the concerns of these grassroots people, not as we perceive them, but as seen and formulated by the grassroots themselves, especially as they, through action and reflection, reach higher levels of critical consciousness. We need to affirm strongly that the formulation of the Asian Theology, which is really liberating to the masses of the poor and oppressed in Asia, is the work of the Asian poor with a liberated consciousness. It is they who must reflect on and say what their faith-life experience is in the struggle for liberation. This trust in the people and belief that they can theologize and are the real theologians is central to our position. -Carlos Abesamis."

<sup>19</sup> Sa isang pag-aaral, lumalabas na may pinakamataas na pagpapahalaga ang pananampalataya sa Diyos na may 78.4%. ipinapakita nito ng usaping karanasan sa Diyos ay likas sa mga Pilipino at iniuugnay pa ito sa kaginhawahan ng kanilang buhay. Tingnan, Lyna Scip, Maruja Milagros Asis, Emmanuel Luna, "The Measurement of Filipino Well-Being: Findings from the Field," nasa *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati* (Quezon: University of the Philippines Press, 2008), 21.



*Para sa mga Yakan, kinakailangang magritwal at magdasal sa mga espiritu upang maging maginhawa ang kanilang buhay. Ang mga Mansaka naman ay nag-aalay ng mga atang kagaya ng pagkain, nganga, atbp, para maging masagana ang kanilang pagsasaka at pangagaso. Ang mga Tagalog, Ilokano, at Sebwan ay humihingi ng pahintulot na dumaan sa mga lugar na hindi kadalasang dinaraan. Sa mga Tagalog, 'paraan paraan po Lelong' o sa Ilokano, 'Bari bari.' Ginagawa ito upang makaiwas sa sakit at aksidente dahil sa hindi paghingi ng paalam sa mga espiritong nakatira sa lugar na iyon. Kapansin-pansin dito ang kamalayan ng mga Pilipino na may kinalaman ang mga umiiral na Diyos/Espiritu sa kanilang buhay na higit na makapangyarihan kaysa sa kanila.<sup>20</sup>*

Ipinapalagay na may kinalaman ang Diyos sa lahat ng nangayayari sa buhay ng mga Pilipino. Bagama't hindi iwinawaglit ang gampanin ng tao, malakas ang paniniwala na lahat ng nagaganap ay pinahihintulot ng Diyos. Sa isang pag-aaral ng pag-unawa ng kapalaran ayon sa iba't-ibang etnolinggwistikong grupo, sinasabi na,

*Bagama't itinuturing na bahagi ng kapalaran at pagpapalano at paghahanda, ngunit hindi malalagpasan o mababago ang tinakda ng Diyos... 'Galing sa Diyos' ang swerte kaya sa unang tingin parang walang pasya ang taong sinuswerte o minamalas. At dahil galing sa Diyos, [sic] kelangang [sic] mey kasamang dasal... para [sic] swirtihin. "Nagtrabaho kami ng mabuti tapos nagdadasal din para [sic] swertihin," ayon sa taga Balingasay.<sup>21</sup>*

Lahat ng bagay ay niloob ng Diyos kaya kahit sakit ay itinuturing na bahagi ng kanyang plano. "Kapalaran... ang sakit dahil plano ito ng Maykapal... Hindi ito pwedeng tanggihan dahil bigay ng Maykapal."<sup>22</sup> Dapat tanggapin ng maluwag anumang mangyari dahil galing ito sa Diyos. Ang pananaw na ito ay kalakip ng pagpapalagay ng mga Pilipino na may Diyos at may kinalaman ito sa kanila. Kung ang paniniwalang ito ay pagtatalabin sa karanasang pananampalataya, masasabi bang lahat ng nangyayari sa buhay ng tao ay kaloob ng Diyos? Sa ganitong larawan ba nais ng Diyos na makilala Siya ng mga tao?

Para sa mga Pilipino, ang karanasan ay hindi lang basta karanasan

<sup>20</sup> Consuelo Paz, "Ginhawa: Well-being Expressed in Philippine Languages," nasa *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati* (Quezon: University of the Philippines Press, 2008), 8-9.

<sup>21</sup> Consuelo Paz, "Sino ang [sic] Mey Pasya?" nasa *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati* (Quezon: University of the Philippines Press, 2008), 91 at 94.

<sup>22</sup> *Ibid.*, 91.



kundi karanasan sa Diyos. Hindi na ito itinatanong, ipinapagpalagay na ito sa kulturang Pilipino. Ang mga kataga gaya ng - may plano ang Diyos, may misyon ka pa sa buhay, pinayagan o ipinahintulot ng Diyos, niloob ng Diyos, bahala na ang Diyos, at maraming pang iba – ay nagpapakita na iniuugnay ang bawat karanasan sa Diyos. Mababakas mula rito na may kinalaman ang Diyos sa buhay ng tao.<sup>23</sup>

May ganda at hamon ang pananaw na may kinalaman ang Diyos sa buhay ng mga tao. Maganda ito dahil madaling ipakita na ang karanasan ay karanasan sa Diyos. Sila mismo ang nakababatid nito at mayroon silang kahulugang ikinakabit dito. Kung nais itong palalimin at pagyamanin, malaki ang maitutulong sa pag-uugnay nito sa pamanang pananampalataya. Dito nagaganap ang talaban ng mga karanasan sa kasalukuyan at pananampalataya.

Mula sa tao, para sa tao – ito ang gabay sa paglilingkod. Ang karanasan ang simula at tunguhin nito. Ngunit hindi ito magkaparehong karanasan. Ang karanasan bilang simula ay naghahanap ng kahulugan at gabay. Ngunit ang karanasan bilang tunguhin ay tinanglawan ng pamanang pananampalataya. Bagamat parehong karanasan, ang tunguhin ng karanasan ay nakikita sa liwanag ng buhay Kristiyano.

Bilang halimbawa, magandang tingnan ang pananaw ng mga tao na mawaain at mahabagin ang Diyos. Mas mapapalalim ang pag-unawa nito sa pagmamagitan ng pag-uugnay ng mga karanasan ng tao at kontesksto sa banal na kasulatan. Maraming nasusulat sa bibliya at katuruan ng simbahan tungkol sa awa ng Diyos. Makikita sa banal na kasulatan na ang awa o habag ng Diyos ay iniuugnay sa pag-ibig, pagmamahal, katarungan, at kapayapaan. Kung isasaalang-alang ang mga ito, mabibigyan ng isang Hudyo-Kristiyanong pananaw ang pagpapalagay na ang Diyos ay maawain. Magagamit ang mga textong ito sa pagpapalawak, pagpapalalim, at pagpapakita ng iba't-ibang aspeto ng awa ng Diyos sa tanglaw ng pananampalataya. Sa pagpapaliwanag na ito, mas lalong napagyayaman ang paniniwalang

<sup>23</sup> Jose de Mesa, *Bakas, Retrieving the Sense of Sacramentality of the Ordinary* (Pasig: Anvil, 2008), 54. "In the Philippines, the predominant question related to God is about God's effective will. This is how the God-question is posed culturally. As this is the way that God is experienced and known in the Judeo-Christian Tradition, but for the Filipino situation as well. The Existential way of experiencing and knowing God in the Tradition harmonizes easily with the relational mindset of the Filipino. This aspect of God's presence does not pose any difficulty in the Filipino culture in general. But while the will of God, which manifests what and who God is for the Filipino, is considered effective, it is at the same time, regarded as double-edged. It is identified with what actually happens for God's will is done. To the Filipino, this is a sure indication that God's presence in human history is not only existentially true, but also efficacious. If something goes right, it is God's blessing. People deem themselves fortunate (maswerte). When something goes wrong, however, it is divine curse and people can only bewail their misfortune (malas) but can do nothing about it."

tunay na may kinalaman ang Diyos sa buhay ng mga Pilipino dahil siya ay maaawain.

Ngunit may hamon din ang pagpapalagay na may kinalaman ang Diyos sa buhay ng mga tao. Kung may kinalaman ang Diyos sa buhay ng tao at ang namamayaning kalagayan ng tao ay naghihirap, ano ang kinalaman ng Diyos sa paghihirap ng tao? Ano ang sinasabi ng pananampalataya tungkol dito?

Ipinaliwanag ni de Mesa na naniniwala ang mga Kristiyano na si Hesus ang nakikitang larawan ng di-nakikitang Diyos.<sup>24</sup> Siya ang naglibot at gumawa ng mabuti, nagpagaling ng may sakit at nagpalayas ng mga diyablo.<sup>25</sup> Sa paraang ito nararanasan ng mga tagasunod ni Hesus ang Diyos na isinalarawang bilang *agape*.<sup>26</sup> Ang *agape* ay ang pawang kagandahang-loob ng Diyos. Naranasan ito ng mga unang apostol at tagasunod kay Hesus. Nakilala nila ang Diyos sa pamamagitan ng kanilang karanasan ni Hesus. At dahil mabuti ang ipinakita ni Hesus sa kanila, nakilala siya bilang mukha ng Diyos na lubhang mabuti at may magandang kalooban. Ito rin ang naging tanda na mga taong sumusunod at naniniwala kay Hesus. Sila ay mga taong may mabuti at magandang kalooban.<sup>27</sup>

Ang mukha ng Diyos ay nasilayan sa pamamagitan ni Hesus.<sup>28</sup> Sa pagkatao ni Hesus, nahayag at nadama ang kagandahang loob ng Diyos.<sup>29</sup> Si Hesus ang nagpamalas ng pagkalinga ng Diyos sa kanila, ang tunay na pastol na may magandang kalooban.<sup>30</sup> At ito ang magandang balita: ang kagandahang loob ng Diyos ay nagdudulot ng kaginhawahan sa lahat ng tao.<sup>31</sup>

Mayroong malaking pagitan ang mahirap na kalagayan ng

<sup>24</sup> Col. 1: 15. *Magandang Balita Biblia*. "Si Cristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita. Siya ang panganay na anak at pangunahin sa lahat ng mga nilikha."

<sup>25</sup> Gw. 10: 38. *Magandang Balita Biblia*. "Alam ninyo ang tungkol kay Jesus na taga-Nazaret at kung paanong pinili siya ng Diyos at pinuspos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan. Alam din ninyo na pumunta siya sa iba't ibang dako upang gumawa ng kabutihan sa mga tao at pagalingin ang lahat ng pinapahirapan ng diyablo. Nagawa niya ang mga ito sapagkat kasama niya ang Diyos."

<sup>26</sup> 1 Jn. 4: 8,16. *Magandang Balita Biblia*. "Ang hindi umiibig ay hindi kumikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig. Nalalaman nating tayo'y iniibig ng Diyos at lubos tayong nananalig sa katotohanang ito. Ang Diyos ay pag-ibig. Ang nagpapatuloy sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos ay nananatili naman sa kanya."

<sup>27</sup> Jn. 12: 35. *Magandang Balita Biblia*. Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kaunting panahon na lamang ninyong makakasama ang ilaw. Lumakad kayo habang kasama pa ninyo ang ilaw upang hindi kayo abutan ng dilim. Hindi alam ng lumalakad sa dilim kung saan siya pupunta."

<sup>28</sup> Jn. 1: 14. *Magandang Balita Biblia*. "Naging tao ang Salita at nanirahan sa piling namin. Nakita namin ang kaluwalhatiang tunay na kanya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Siya ay puspos ng kagandahang-loob at ng katotohanan."

<sup>29</sup> Tit. 3: 4. *Magandang Balita Biblia*. "Ngunit nang mahayag ang kabutihan at pag-ibig ng Diyos na ating Tagapagligtas."

<sup>30</sup> Jn. 10: 11. *Magandang Balita Biblia*. "Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa."

<sup>31</sup> de Mesa, *Mabathalang Aral*, 97.

mga tao at kaginhawahang kaloob ng Diyos. Kung kaginhawahan ang kalooban ng Diyos at hindi kahirapan ng tao, bilang mga naniniwala sa kanya, marapat na punan ang puwang na ito. Ang mahirap na kalagayan ng mga tao ay hindi kalooban ng Diyos at ito ay kabaligtaran sa itinuturo ng pananampalatayang Kristiyano. Ang pagsisikap na makaahon sa kalagayang ito ay tanda ng matinding hangaring lumaya mula sa kahirapang ito.

Sa talinghaga ni Hesus tungkol sa May-ari ng Ubasan,<sup>32</sup> ipinakilala ang Diyos bilang maganda ang kalooban. Nagreklamo ang ilang manggagawa dahil pare-pareho ang ibinayad sa kanila ng may-ari. Ipinaalala sa kanila ng may-ari na tinutupad lamang niya ang kanilang napagkasunduan. Kanyang sinabi, “Kayo ba’y naiinggit dahil ako’y nagmagandang-loob sa iba?” Nais ng mga nagtrabaho ng mas matagal na mas malaki ang ibayad sa kanila at kaunti lamang sa mga nahuli. Ngunit ganito na lang ang kagandahang loob ng Diyos na binibigyan niya ng pagkakataon ang mga nahuhuli para maging pantay ang kalagayan sa mga nauuna. Bagama’t tinatanggap lahat at walang itinatangi ang Diyos dahil magandang ang kanyang kalooban, ngunit mas binibigyan Niya ng pagkakataon ang mga nahuhuli, nalalayo, nawawawala, at mga aba upang magkaroon ng maginhawang buhay kagaya ng mga nauuna. Sa ganitong pananaw, nauunawaan ang pagiging una ng mga nahuli, at pagiging huli ng mga nauna. Sa madaling sabi, ang kagandahang loob ng Diyos ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga api at dukha na maging maginhawa ang buhay. Hindi ito dapat kainggitan ng mga nauuna at may maayos na buhay bagkus, kagaya ng Diyos, bigyan din nila ng

<sup>32</sup> Mt. 20: 1-16. *Magandang Balita Biblia*. “Ang kaharian ng langit ay maitutulad sa isang taong lumabas nang maagang-maaga upang kumuha ng manggagawa para sa kanyang ubasan. Nang magkasundo na sila sa upa na isang salaping pilak sa maghapon, ang mga manggagawa ay pinapunta niya sa kanyang ubasan. Lumabas siyang muli nang mag-aalas nuwebe ng umaga at nakakita siya ng iba pang tatayu-tayo lamang sa palengke. Sinabi niya sa kanila, ‘Pumunta rin kayo at magtrabaho sa aking ubasan, at bibigyan ko kayo ng karampatang upa.’ At pumunta nga sila. Lumabas na naman siya nang mag-aalas dose ng tanghali at nang mag-aalas tres ng hapon, at ganoon din ang ginawa niya. Nang mag-aalas singko na ng hapon, siya’y lumabas muli at nakakita pa ng mga ibang wala ring ginagawa. Sinabi niya sa kanila, ‘Bakit tatayu-tayo lang kayo dito sa buong maghapon?’ ‘Wala po kasing magbigay sa amin ng trabaho,’ sagot nila. Kaya’t sinabi niya, ‘Kung gayon, pumunta rin kayo sa aking ubasan.’

“Nang gumagabi na, sinabi ng may-ari ng ubasan sa kanyang katiwala, ‘Tawagin mo na ang mga manggagawa at bayaran mo sila magmula sa huli hanggang sa unang nagtrabaho.’ Ang mga nagsimula nang mag-aalas singko ng hapon ay tumanggap ng tig-iisang salaping pilak. Nang lumapit ang mga nauna, inakala nilang tatanggap sila nang higit doon; ngunit ang bawat isa’y binayaran din ng tig-iisang salaping pilak. Nang magkagayo’y nagreklamo sila sa may-ari ng ubasan. Sinabi nila, ‘Isang oras lamang nagtrabaho ang mga ito na huling dumating, samantalang maghapon kaming nagtrabaho at nagtiis sa nakakapasong init ng araw. Bakit naman pinagpare-pareho ninyo ang aming upa?’ Sumagot ang may-ari ng ubasan sa isa sa kanila, ‘Kaibigan, hindi kita dinadaya. Hindi ba’t pumayag ka sa isang salaping pilak? Kunin mo ang para sa iyo at umalis ka na. Ano sa iyo kung ibig kong bayaran ang nahuli nang tulad ng ibinayad ko sa iyo? Wala ba akong karapatang gawin sa ari-arian ko ang aking maibigan? Kayo ba’y naiinggit dahil ako’y nagmagandang-loob sa iba?’” At sinabi ni Jesus, “Ang nahuhuli ay mauuna, at ang nauuna ay mahuhuli.”

pagkakataong guminhawa ang buhay ng mga api at dukha. Ang isang paraan sa pagbibigay ng pagkakataong sa mga nahuhuli na mauna, ay ang pakikiisa sa pakikibaka ng mga aba, nahuhuli, nalalayo, at nawawawala.

Ang pakikibaka ay isang landasin ng pamumuhay na may pagtatalaga sa sarili na makipagbuno sa hirap ng buhay para sa ikagiginhawa ng nakakarami. Ang pakikibaka na ito ay mahaba at protracted bago dumating ang inaasam na kaginhawahan ng buhay. Hirap ng buhay ang binubuno sa pang-araw na araw.

Ang layunin ng isang kontekstwal na pagteteolohiya ay kaginhawahan. Dumaraan ito sa proseso ng pakikipagbuno sa sakit, gutom, kahirapan, kamatayan, katiwalian, gera, kaapihan, dalamhati - para sa kalayaan. Ang dulot nito ay kaginhawahan – bagong buhay, kapayapaan, magandang kalusugan, tuwa. Ito ang kaligtasang sinasampalatayan ng mga tao.<sup>33</sup>

Ang konsepto ng pakikibaka ay bahagi ng kulturang Pilipino. Sa simpleng pananalita, ito ay pagsisikap para guminhawa ang buhay, kabaligtaran ito ng pagiging tamad at inaasa na lamang ang lahat sa tadhana. May kamalayan ang mga tao na dapat magsumikap para sa ikabubuti ng buhay. Sa pakikibaka sa buhay, unti-unting nagaganap ang kaginhawahang alok ng Diyos sa lahat. Sa paraang ito, itinatama ng kaisipang mula sa Diyos ang kahirapan. Kaginhawahan ang kaloob ng Diyos at hindi kahirapan.

Mababakas ang kaisapang ito sa kaalamang bayang Pilipino na ‘nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.’ Sa kasabihang ito, makikita ang talaban ng awa ng Diyos at gawa ng tao. Itinuturo nito na hindi lamang ang Diyos ang may kinalaman sa mga kaganapan ng buhay ng tao kundi ang tao mismo ay may tungkuling dapat gawin. Ayon sa pag-aaral ni Jocano,

<sup>33</sup> Karl Gaspar, *Pumipiglas: Teolohiya ng Bayan, A preliminary Sketch on the Theology of Struggle - from a Cultural-Liturgical Perspective* (Quezon: Socio-Pastoral Institute, 1986), 40-41. The more complete and more biblical understanding of salvation is Total Salvation. It is a salvation not just of the soul, but the totality of the whole man, of mankind and peoples, of the whole created universe. It is a salvation not just from sin (although sin remains the most important of all human evils to be liberated), but from all human evils such as disease, hunger, poverty, death, corruption, wars, oppression, weeping and mourning. Positively, salvation means life, peace, health, joy, the Spirit of God in and among men and women, and resurrection, glory a re-born and transformed cosmos, God all in all. Further, salvation does not simply mean heaven, i.e., that place or state up there where the disembodied soul rests in the blissful contemplation of God; it is rather, or at least especially, a ‘world to come,’ a transformed cosmos in the future at the end of history, a ‘new heaven and earth,’ where there will be no more mourning nor tears nor pain nor death and where all things will have been made new.

Total salvation means salvation of myself, mankind, and the universe from all evils and afflictions to be consummated in the ‘new heaven and a new earth.’ - Carlos Abesamis.”

*Kapalaran ang tawag sa itinadhanang kinararatnan natin sa kinabukasan. Sa English, "Fate." Ang ibig sabihin nito ay ang lahat ng bagay sa buhay ay naiguhit na ng Maykapal sa palad ng ating mga kamay nang tayo'y isinilang. Kaya kung ano man ang kalagayan ng ating buhay noon o ang kinahihinatnan natin bukas ay nasa ating mga kamay- sa ating mga palad, sa ating pagpapasiya o pagdedesisyon. Ito ang tunay na katotohanan na dapat nating malaman. Kaya marami sa atin ang nasasangkot sa kapinsalaan o nag hihirap sa buhay dahil hindi maayos ang paghawak sa kapalarang naiguhit sa ating kamay.<sup>34</sup>*

Iginuhit na ng Diyos sa ating palad ang kaginhawahan. Nasa ating mga palad na ito. Ang kinakailangan ay magpasiya at panghawakang maigi ang kapalarang ito. Kaya kung nais na may makain, dapat magtanim; kung nais makatapos ng pag-aaral, dapat mag-aral ng mabuti; kung gustong guminhawa ang buhay, dapat magsikap; kung gustong gumaling sa karamdaman, dapat magpakonsulta sa manggagamot at uminom ng gamot; kung gustong guminhawa ang kalagayan, nararapat na makibaka at makipagbuno sa buhay.

Sa konklusyon ng "Sino ang Mey Pasya?" sinabi ni Consuelo Paz,

*...Nasa kamay ng tao ang kapalaran niya sa kanyang ordinaryong araw-araw na buhay. Kelangan lamang ng sipag, determinasyon, diskarte, o abilidad para mabago o mapabuti ang kapalaran.*

*Katamaran, takot magsapalaran, o walang diskarte ang mga balakid sa pagpapasya ng tao para gumanda ang kapalaran o maremedyuhan. Ang ganitong pananaw siguro ang nas likod ng tinatawag na resilience sa mga Filipino na kahit napapasama'y nakakabangon at ang tapang na makipagsapalaran kahit sa iba't-ibang parte ng mundo.<sup>35</sup>*

Ang ugnayan ng awa at gawa ay makikita sa talaban ng mga ito sa aktwal na karanasan. Dahil sa awa ng Diyos, nakagagawa ang tao. Ang pagkakataong makagawa ang tao ay nangangahulugang nagaganap na ang awa ng Diyos. Namamalas ang awa ng Diyos sa gawa ng tao. Ang karanasang makaraos sa pang-araw araw na kailangan kahit mahirap ang buhay ay tanda ng awa ng Diyos. Samakatuwid, namamalas ang awa ng Diyos sa gawa (pagsisikap) ng tao.

Kung uunawain ito sa pananaw ng kontekstwal na paglilingkod, masasabing ang kaginhawahan na siyang magandang kaloob ng

<sup>34</sup> F. Landa Jocano, *Filipino Value System, Anthropology of the Filipino People IV* (Manila, Punlad, 1997), 102.

<sup>35</sup> Paz, "Sino ang Mey Pasya," 96.

Diyos (awa) ay namamalas sa pakikibaka at pakikipagbuno (gawa) sa buhay. Sa pakikibaka, naisasakatuparan ang kagihawahan na mula sa Diyos.

### 3. Paraan ng Pagdama, Pag-iisip at Pagkilos

Sa pagpapahayag ng pananampalataya sa isang kontekstwal na paraan, kinakasangkapan ang mga kaisipan at konsepto mula sa kolektibong pananaw ng mga tao. Malaki ang gampanin dito ng kultura sa pagbibigay pang-unawa at pagpapahayag ng pananampalataya. Ito ang susi upang hindi mag-alangan ang mga tao o maging 'iba' sa kanila ang itinuturo ng pananampalataya. Ang ganitong paraan ay nagbibigay ng halaga sa kultura ang pagpapahayag ng pananampalataya na pinagyayaman ng tradisyong Hudyo-Kristiyano. Gumamit ito ng mga salita, kategorya, kaisipan ng matatagpuan sa kultura at hindi nagiimbento o nagsisingit ng mga kaisipang banyaga sa mga tao. Kinikilala ng ganitong pananaw na bago pa man dumating ang teologo o misyonero sa isang lugar, naroon na ang Diyos, kumikilos sa kanilang buhay.<sup>36</sup>

Kung ating susundan ang mga naunang halimbawa, paano ipapahayag ang kalooban ng Diyos sa kulturang naniniwala na may kinalaman ang Diyos sa lahat ng mga bagay na nangyayari? Kagaya ng unang nabanggit, ang ugnayan ng awa at gawa ay makikita sa talaban ng mga ito sa aktwal na karanasan. Dahil sa awa ng Diyos, nakagagawa ang tao. Ang pagkakataong makagawa ang tao ay nangangahulugang nagaganap na ang awa ng Diyos. Namamalas ang awa ng Diyos sa gawa ng tao. Ang karanasang makaraos sa pang-araw araw na kailangan kahit mahirap ang buhay ay tanda ng awa ng Diyos. Ito ay isang maaring pagpapaliwanag sa kinalaman ng Diyos sa buhay ng tao gamit ang mga kultural na konsepto.

Sa pakikipamuhay sa mga tao, hindi nanatiling iba ang karanasan kundi nagiging sariling kalagayan. Hindi lang ito basta nabasa o napag-aralan sa klase. Ang kalagayan ay nadama – nakita, naamoy, nalasahan, nahawakan; kasama ng mga damdamin (tuwa, lungkot, pighati, dalamhati, galit) at pagninilay. Sa ganitong uri

<sup>36</sup> M.A.C. Warren, "General Introduction" in John Taylor, *The Primal Vision: Christian Presence and African Religion* (Philadelphia: Fortress Press, 1963), p. 10. "Our first task in approaching another people, another culture, another religion is to take off our shoes, for the place we are approaching is holy. Else we find ourselves reading on [people's] dreams. More serious still, we may forget that God was here before our arrival."

ng pakikipamuhay, ang naglilingkod ay nagiging isang kapamilya, kamag-anak, taga-atin, taga-rito; at hindi ibang tao, di-kilala, banyaga, dayuhan.<sup>37</sup> Isa sa mga tanda ng pagiging kasama ay pakikibahagi sa mga gawain at pangarap ng mga tao. Binibigyang diin ang ganitong klase ng ugnayan sa paglilingkod.

Kung mahalaga ito, ano kaya ang maaring maging batayan sa pakikipag-ugnayan sa mga tao? Batay sa mga unang pagpapaliwanag, ipinakilala ang Diyos bilang may magandang kalooban sa pamamagitan ng buhay at gawa ni Hesus. Ang kagandang loob ding ito ang siyang batayan ng ugnayan. Ang Diyos ay nakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng kanyang pagpapadama ng kandahang-loob. Kaya't bawat sumusunod sa Diyos ay nakatuon sa kaginhawahan ng kanyang kapwa, higit sa sariling pakinabang. Ito ay kagandahang loob na di pakitang-tao lamang, naghihintay ng kapalit o may sariling interes. Walang halong daya ang kabutihang ito.

Ang pagkakakilalang ito sa Diyos ang magiging gabay sa pakikipag-ugnayan sa mga tao. Kung ang Diyos ay maunawain, ganun din ang mga sumusunod sa kanya;<sup>38</sup> kung ang Diyos ay ganap, ganun din ang mga naniniwala sa kanya;<sup>39</sup> Kung maganda ang kalooban ang Diyos, ganun din ang mga nananalig sa kanya. Samakatuwid, nararapat lamang na maging larawan at kawangis ng Diyos ang mga kinatawan niya.<sup>40</sup> Kung ang kagandahang loob ang batayan ng pakikipag-ugnayan at ang paglilingkod ay isang ugnayan, ang kagandahang loob ang batayan sa paglilingkod. Sa paraang ito mararamdaman ng mga tao na may nagmamalasakit, dumadamay, kumakalinga, kumikiling – may mga naglilingkod sa kanila na, kagaya ng Diyos ay maganda ang kalooban. Hindi lamang pansariling interes ang inuuna, kundi mas mahalaga ang ikagaganda ng buhay ng kapwa at pamayanan sa pamamagitan ng pagsusulong ng pagbabago sa struktura ng lipunan, isang pagbabago na

<sup>37</sup> Ang mga kategoryang ito ay mula dayagram ng loob at labas ni F. Landa Jocano, *Filipino Worldview, Anthropology of the Filipino People* (Manila: Punlad, 2001), 171. "In terms of social relations, the loob and the labas concepts are also used to distinguish members of the family and the kinship group from those who are not. The in-group consists of parents, siblings, and relatives. The are nasa loo bro tagalooob ng pamilya (inside the family). The immediate out-group or non-members of the family and the kin are tagalabas, known as 'ibang tao, hindi tagarito, taga-ibang pook (other people; not from this place; from other communities)'. Distant out-groups (i.e., foreigners) are also tagalabas but are recognized as hindi kilala (not known), banyaga (stranger, and dayuhan (alien))."

<sup>38</sup> Lk. 6:36. *Magandang Balita Biblia*. "Maging mahabagin kayo tulad ng inyong Ama na mahabagin."

<sup>39</sup> Mt. 5:48. *Magandang Balita Biblia*. "Kaya maging ganap kayo, gaya ng inyong Ama na nasa langit."

<sup>40</sup> Ayon kay San Augustine, "Eo mens est imago Dei, quo capax Dei est et particeps esse potest; The mind is the image of God, in that it is capable of Him and can be partaker of Him." *De Trinitate*, XIV:11.



tinatanglawan at ginagabayan ng yaman ng pananamplataya.<sup>41</sup>

Sa ganitong paraan, nagsisilbing biyaya sa mga tao ang presensiya ng mga naglilingkod. Sila’y nagiging kinatawan ng kagandahang loob ng Diyos. Kinikilala sila hindi bilang ibang tao kundi bilang mga kasama at kaibigan.

#### **4. Pagpapahayag ng Pananampalataya sa isang makaFilipinong Paraan (Konsepto at Bokabularyo)**

Ang kontekstwal na pagteteolohiya ay naangkop na pag-aralan sa sariling wika. Ito ay dahil nalalaman, nalilinaw, at napapahayag ang karanasan sa paraan ng wika. Nangangahulugang ang wika ay naka-ugat sa isang natatanging konteksto.<sup>42</sup> May mga karanasan sa kulturang Pilipino na walang angkop na salin sa wikang Ingles. Ilan sa halimbawa nito ang kalabit, tampo, kapwa, pananagutan, at iba pa. May mga maituturing na malapit na mga salin ngunit hindi lubos ang pagpapahayag ng kahulugan nito. Kaya’t malaki ang mawawala sa karanasan kung banyagang wika ang gagamitin sa landas ng pagteteolohiya.

Kaya’t kung gagamitin ang sariling wika, nakapagninilay ang nag-aaral ng teolohiya gamit ang kanyang kultural na balangkas at hindi nangagailangang isalin ang kanyang mga Pilipinong kaisipan sa banyagang wika. Nagbibigay daan ito upang mas lalong makita ng mga tao ang kaugnayan at kinalaman ng mga aral ng pananampalataya sa pang-araw-araw na buhay nila. Halimbawa nito ang salitang “salvation.” Maaring isalin ang “salvation” bilang kaligtasan, isang kaisipang na nagpipinta ng pagkakalayo o pag-ahon mula sa panganib; katubusan mula sa kasamaan at kasalanan.<sup>43</sup> Ngunit kung titingnan ang Griyegong salitang “zoe,” ang salvation ay ang uri ng buhay na may kahulugan, maganda, at nagdudulot ng

<sup>41</sup> *Evangelii Nuntiandi*, 6. “The witness that the Lord gives of Himself and that Saint Luke gathered together in his Gospel - ‘I must proclaim the Good News of the kingdom of God’ - without doubt has enormous consequences, for it sums up the whole mission of Jesus: ‘That is what I was sent to do.’ These words take on their full significance if one links them with the previous verses, in which Christ has just applied to Himself the words of the prophet Isaiah: ‘The Spirit of the Lord has been given to me, for he has anointed me. He has sent me to bring the good news to the poor.’

Going from town to town, preaching to the poorest - and frequently the most receptive - the joyful news of the fulfillment of the promises and of the Covenant offered by God is the mission for which Jesus declares that He is sent by the Father. And all the aspects of His mystery - the Incarnation itself, His miracles, His teaching, the gathering together of the disciples, the sending out of the Twelve, the cross and the resurrection, the permanence of His presence in the midst of His own - were components of His evangelizing activity.”

<sup>42</sup> de Mesa, *Mabathalang Pag-aaral*, 52-55.

<sup>43</sup> Virgilio Almario (p.ed). *UP Diksiyonaryong Filipino*. Quezon City: UP-SWF, 2001.

kasiyahan. “Narito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay “(zoe), isang buhay na masagana at ganap.”<sup>44</sup> Kung gagamiting ang konsepto at bokabularyong Filipino, ito ay kaginhawahan ng buhay. Ang pang-unawa nang kaginhawahan bilang salvation ay tumutukoy sa lahat ng aspekto ng buhay na naghahangad ng kahulugan, kasapatan, kasiyahan, at kagandahan. Dahil ang salitang ginhawa ay bahagi ng araw-araw na pakikipagtalastasan at buhay ng mga Pilipino, mas nauunawaan ito kung gagamitin sa pagpapahayag ng pananampalataya.

Kung susundin ang gabay ng PCP II na “isulong ang paggamit ng sariling wika sa pangangaral at pagtuturo ng relihiyon at teolohiya... dahil kinakailangang gumamit ng mga simbulo at wika na nauunawaan ng mga tao, mga pagpapahayag at sa salita na makapupukaw ng kanilang mga isip, puso, at kaluluwa,”<sup>45</sup> marapat na gamitin ang dynamic equivalence sa isang makaFilipinong pagpapahayag ng mga konsepto sa teolohiya.

Ang pag-aaral at paggamit ng mga salitang “loob,” “ginhawa,” “daupang-palad,” “pagbangon sa kahirapan,” “kalayaan mula sa kaapihan,” “naka-ugat sa karanasan,” “mabuting balita,” “kalakbay /pakikilakbay /kasama,” “pagsasabuhay,” “kagalingan,” “kapatawaran,” “kapwa/ pakikipagkapwa /kapwa-tao,” “bayanihan,” “dangal,” “karangalan,” “diyongis,” “madiyongisan,” “bahaginan,” “paglilingkod,” “pagsasanay” at “pakikipamuhay,” at iba pa sa pagpapamana ng pananampalataya ay mabibigyan ng Filipinong lasa ang pag-aaral sa teolohiya. Lilitaw ang mga Filipinong bokabularyo at konsepto na may kinalaman sa teolohiya. Sa ganitong paraan maipapahayag at maipapaabot ng mas malinaw at may talab ang teolohiya sa mga kapwa Pilipino.

Halimbawa nito ang salitang “bayanihan.” Kung maririnig ang salitang bayanihan, ang kaagad pumapasok sa isip ay mga taong sama-samang nagbubuhay ng bahay. Kung ang bayanihan ay ginamit para tumukoy sa pamayanang Kristiyanong, nangangahulugang nagtutulungan, nagmamalasakitan at nagkakaisa sa pagdiriwang ng

<sup>44</sup> Jn. 10: 10. *Magandang Balita Biblia*. “Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, buhay na masaganang lubos.”

<sup>45</sup> *Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines*, art. 201. “New expressions’ will also mean the use and symbols and languages understood by the people, expressions and words which touch their minds and hearts and souls. We must promote the use of the vernacular languages in preaching and in the teaching of religion and theology. We must look into the cultures of our people in order to discover which cultural expressions and symbols resonate effectively in their hearts.”

eukaristiya ang mga pamayanang Kristiyano. Ang kaisipang ito ay hindi nalalayo sa unang pamayanang Kristiyanong binabanggit sa Mga Gawa ng Apostol,

*Nagsama-sama ang lahat ng sumasampalataya at ang kanilang mga ari-arian ay para sa kanilang lahat. Ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at ang napagbilhan ay ipinamahagi sa bawat isa ayon sa kanyang pangangailangan. Araw-araw, sila'y nagkatipon sa templo, masayang nagpipiraso-piraso ng tinapay sa kanilang tahanan, at may malinis na kalooban. Nagpupuri sila sa Diyos, at kinalulugdan rin sila lahat ng tao. At bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas.<sup>46</sup>*

Inilalarawan sa texto ang unang pamayanang Kristiyano bilang nagsama-sama, ipinamahagi sa bawat isa ang kanilang napagbilhan ayon sa pangangailangan, nagpira-piraso ng tinapay sa tahanan, may malinis ang kalooban, at kinalulugdan ng mga tao. Ito ang ibig sabihin ng koinonia: nagkakaisa, nagtutulungan, may pagkakatantay-pantay, may kalinisan ng kalooban (walang halong pandaraya), at may kagalakan. Hindi ba ang mga katangiang ito ay makikita rin sa bayanihan?

Sa bayanihan, ang lahat ay nagkakaisa na tulungan ang isang kasapi ng pamayanan na ilipat ang kanyang bahay (pagkakaisa); lahat ay may ginagampanang trabaho –ang lalaki ang nagbubuhay samantalang ang mga kababaihan ang naghahanda ng pagkain (Pagtutulungan); ang lahat ay nagtatantya kung gaano kataas bubuhatin ang bahay. Dapat ay pantay-pantay ang balikat para madali itong mabuhay (pagkakatantay-pantay); at hindi pasakit o pabigat ang pakikilahok sa bayanihan kundi nagdadala ng kagalakan hindi lamang sa sarili kundi rin sa pamayanan.

Ang bayanihan bilang pamayanang Kristiyano ay nangangahulugang nagkakaisa at nagtutulungan ang mga mananampalataya; mayroong pagkakatantay-pantay sa pamayanan; at namumuhay sila ng may kalinisan ng kalooban at may kagalakan sa buhay. Kung gagamitin ang salitang bayanihan bilang pagpapaliwanag ng pamayanang Kristiyano, hindi ba at mas kapani-paniwala at may talab ito sa kontekstong Filipino?

Isa pang halimbawa ay ang salitang “sakramento.” Kapag narinig ang salitang sakramento, kalakip nito ang isipang nakagisnan sa

<sup>46</sup> Gw. 2: 43-47. *Magandang Balita Biblia*.

salitang ingles “sacrament” na tumutukoy sa seven sacraments – binyag, kumpil, misa, kasal, ordinasyon, kumpisal, at pagpapahid ng langis. Ngunit ano ba ang talab ng sacramentum ayon sa orihinal na gamit nito. Ayon sa tradisyong Tridentine, ang sacramentum ay ang “outward sign instituted by Christ to give grace.” Ibig sabihin, ang “sacramentum” ay panlabas na kapahayagan ng kagandahang loob ng Diyos. Kaya ayon kay de Mesa, bakas ang maaring gamitin bilang Filipinong konsepto para sa “sacramentum.”<sup>47</sup>

Ayon naman kay Cacho, mas may talab sa pang-unawa at mas nakikita ang kinalaman ng mga teolohikal na konsepto kagaya ng sakramento kung ginagamit ang sariling wika at balangkas sa pagtuturo nito. Malaki ang maiaambag ng paggamit ng Pilipinong balangkas sa pagpapahayag ng kahalagahan ng mga sakramento. Ang sariling wika, mga simbolo, at balangkas ay maaring gamitin sa mas epektibong pagtuturo ng sakramento. Ang paggamit ng makaFilipinong balangkas ay nagdulot ng mas epektibong pag-aaral ng teolohiya.<sup>48</sup>

Sa isang kaugnay na pag-aaral, ipinakita ni Paterno ang halaga ng “inculturation” sa pagpapanatili ng kultura at mas malalim na pagpapahalaga sa pananampalataya. Sa kanyang etnograpiya, natuklasang mahalaga ang papel sa pag-aaral ng kultura ng mga Tingguian at Ilokano. Ang mga paniniwala, ritwal, at kasanayan ay naka-ugat sa kultura ng mga tao na ipinapahayag sa iba’t-ibang simbolo, imahe, at mga dayalekto. Ngunit ang mga ito ay nanganganib na mabura dahil sa mga external cultural stimuli. Kinakailangang pag-aaralan at sanayin ang mga guro lalong higit sa “inculturation.” Kasama rito ang “inculturation” ng mga liturhiya sa antas ng lokal na simbahan. Sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa kalagayan at kultura ng mga tao para sa mas malalim na pagpapahalaga sa pananampalataya.<sup>49</sup>

Mas kapani-paniwala at may talab ang paglilingkod

<sup>47</sup> de Mesa, *Bakas*, 73. “If we were to determine which theological elements recur in these different interpretations of ‘sacrament,’ we would be able to tentatively indicate five theological constants: Revelation as God’s offer of life and love, the element of faith, its salvific effect, the ethical consequences arising from the God-human relationship, and the pattern of the invisible becoming manifest in what is visible. These constantly recurring elements together constitute, as it were, the ‘building blocks’ of what ‘sacrament’ is. These ‘constants’ we tried to pinpoint and re-express culturally through the concept of bakas at pamamakas.”

<sup>48</sup> Rebecca Cacho, “Bakas ng Kagandahang-loob ng Diyos: A Proposed Inculturated Approach to Sacraments for Religious Education.” (Ph.D. dis., De La Salle University, 2004).

<sup>49</sup> Paterno Alcartado, “Religious Beliefs, Rituals and Practices among selected Tingguian and Ilokano high school students of Abra: An Ethnographic Study.” (Ph.D. dis., De La Salle University, 2004).

kung kontekstwal ang pagpapahayag ng mga aral at turo ng pananampalataya. Mahalagang bahagi nito, ang pag-alam at pag-unawa sa wika ng mga tao na siyang sumasalamin sa kanilang kalagayan.<sup>50</sup> Ang patuloy na paggamit ng wikang Filipino sa mga kapantayang konsepto sa pananampalataya upang maipahayag sa makaFilipinong paraan at kalagayan, ay mas napagyayaman ang pagpapahayag ng pananampalataya sa isang kontekstwal na paraan.

## Paglalagom at Pangwakas

Lumitaw mula sa apat tanda ng pagsasanay ng kontekstwal na kamalayan ang apat ding tanda ng paglilingkod na kapani-paniwala at tumatalab: (a) Ang pakikipamuhay ng mga naglilingkod kasama ang mga tao; (b) Ang pagpapahayag ng kaginhawahang kaloob ng Diyos sa gitna ng kahirapan at iba pang suliranin; (c) Ang pagiging kinatawan ng Diyos sa pamamagitan ng pakikiisa at pakikibahagi ng mga naglilingkod sa pagkilos ng mga tao; (d) Paggamit ng kapantayang konsepto at bokabularyong Filipino sa mabisang pagpapahayag ng aral ng pananampalataya sa mga tao. Ang mga tandang ito ang magsisilbing gabay sa bawat hakbang ng mga nais maglilingkod sa tanglaw ng pananampalatayang Kristiyano. Ito ang papawi sa mga takot at pangamba na pagmumulan ng lakas ng loob upang “tumindig... at gising ang mundo.”<sup>51</sup>

Kinakailangan ng buong-buong pakikipamuhay, pakikiisa, at pakikibahagi sa mga tao upang mapag-igpawan ang mga takot ng kasalukuyan. Mag-uudyok ito na yakapin at akuin bilang sarili ang mga pag-asa, pangarap, sakit, at pangamba ng mga tao.

<sup>50</sup>The Record, “We Religious have to Understand the Language of the World,” April 24, 2015, <http://www.therecord.com.au/news/in-depth/we-religious-have-to-understand-the-language-of-the-world-archbishop-costelloe/> (accessed March 27, 2017) “We religious have to understand the “language” of the world in which we live if we are to have any hope of sharing with them the gospel they so desperately need to hear. The “languages” of today’s society, and there are many of them, are complex. “As Christians we are not called to embody or embrace all these things uncritically, but nor are we called to dismiss them out of hand. Rather we are called to discern, in the light of the gospel, what is of value. It is really a question of inculturation... a prophetic task,” which “calls us to radical fidelity and humility. It must truly be the Gospel culture and not a distorted version of it, which we present to others.”

<sup>51</sup>“Key quotes from the Pope’s meeting with the Union of Superiors General,” Staff Reporter, Jan. 3, 2014, <http://www.catholicherald.co.uk/commentandblogs/2014/01/03/key-quotes-from-the-popes-meeting-with-the-union-of-superiors-general/> (accessed March 27, 2017). “Religious life ought to promote growth in the Church by way of attraction. The Church must be attractive. Wake up the world! Be witnesses of a different way of doing things, of acting, of living! It is possible to live differently in this world. We are speaking of an eschatological outlook, of the values of the Kingdom incarnated here, on this earth. It is a question of leaving everything to follow the Lord. No, I do not want to say ‘radical’. Evangelical radicalness is not only for religious: it is demanded of all. But religious follow the Lord in a special way, in a prophetic way. It is this witness that I expect of you. Religious should be men and women who are able to wake the world up.”

Nagiging kalakbay sa landas na ito ang mga naglilingkod na isang mabisang lapit at dulong upang ipamana ang pinapanibagong landas ng Kristiyanong pananampalataya. Sa ganitong landas tunay na nagiging kasing-amoy ng mga naglilingkod ang kanilang mga tupa.<sup>52</sup>

Sa mundo kung saan ang tanglaw ng pananampalataya ay lumalamlam, lubhang kinakailangan na maging hurawan ng pananampalataya ang mga naglilingkod. Manunumbalik ang alab ng pananampalataya kung ang mga naglilingkod ay mananatiling tapat sa pagpapahayag at pangangatawanan ang kaginhawahang kaloob ng Diyos. Ang katapatang ito ay magbubunga ng 'joyful fidelity' na matagal ng ng inaasam na mamalas ng mga tao. Papanibaguin ng mga tao ang kanilang pananampalataya kung makikita nila na ang buhay ng simbahan ay kanyang pananampalataya at ang pananampalataya nito ay kanyang buhay.

Ang ganitong klaseng pananampalataya ay magtuturo sa mga naglilingkod na maging maawain, mapagkumbaba, matapat, at makatwiran. Sa kabila ng lahat ng mga kasiraang puri na nagpapahapdi sa sugat ng simbahan, patuloy na namamayani ang awa at kagandahang loob ng Diyos. Ang mga sugat na ito ay mga pagkamaaan at pagkakataon na maranasan ang pagbabangong dangal sa gitna ng kasiraan ng kalooban. Sa paraan lang na ito tunay na masusumpungan ang Diyos na nagkukubli sa mga nasa laylayan ng lipunan. Dito nakataya ang kredibilidad ng pananampalatayang kristiyano. Sa kapasyahang takahin at gawing tahanan ng mga naglilingkod ang laylayan ng lipunan, binibigyang daan nito na maging tagpuan at daluyan ang Krisitiyanong paglilingkod ng pagpaparamdam ng walang hanggang awa at kagandahang-loob ng Diyos.

---

<sup>52</sup> Carol Glatz, "Pope Francis: Priests should be 'Shepherds Living with the smell of the Sheep,'" March 28, 2013, <http://www.thecatholictelegraph.com/pope-francis-priests-should-be-shepherds-living-with-the-smell-of-the-sheep/13439>, (accessed March 27, 2017). "This is what I am asking you... be shepherds with the smell of sheep, so that people can sense the priest is not just concerned with his own congregation, but is also a fisher of men."

## TALASANGGUNIAN

### A. Bibliya

*Magandang Balita Biblia*. Philippine Bible Society, 2005.

### B. Dokumento ng Simbahan

*Evangelii Nuntiandi*. Apostolic Exhortation of His Holiness Pope Paul VI. December 8, 1975.

*Gaudium es Spes*. Pastoral Constitution on the Church in the Modern World promulgated by Pope Paul VI, December 7, 1965.

*Lumen Gentium*. Dogmatic Constitution on the Church. Promulgated by Pope Paul VI, November 21, 1964.

*Mysterium Ecclesiae*. Declaration in Defense of the Catholic Doctrine on the Church against Certain Errors of the Present Day by the Sacred Congregation for the Doctrine of the Faith, June 24 1973.

*Pastores da Vobis*. Apostolic Exhortation to the Bishops, Clergy and Faithful on the Formation of Priests in the Circumstance of the Present Day, March 25, 1992.

*Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines*. Manila: Catholic Bishop's Conference of the Philippines, 1992.

### C. Batayang Sanggunian

Almario, Virgilio. (p.ed). *UP Diksiyaryong Filipino*. Quezon City: UP-SWF, 2001.

### D. Mga Aklat

Abbot, Walter, ed. *The Documents of Vatican II*. New York: Guild Press, 1966.

Abesamis, Carlos. *What is Inside the Wooden Bowl? Or How not to Move Towards a Contextual Theology*. Manila: Socio-Pastoral Institute, 1997.

Boff, Leonardo. "The Contribution of Liberation Theology to a New Paradigm" in *Paradigm Change in Theology, A Symposium for the Future*, ed. HansKüng and David Tracy. New York: Crossroad, 1991.

Consuelo Paz, patnugot. *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati*. Quezon: University of the Philippines Press, 2008.

De la Torre, Edicio. *Touching Ground, Taking Root, Theological and Political Reflections on the Philippine Struggle*. Quezon: Socio-Pastoral Institute, 1986.

De Mesa, Jose. *Mabathalang Pag-aaral: Isang Panukala para sa Pagteteolohiya ng Pilipino*. Manila: Vee Press at DLSU, 2010.

\_\_\_\_\_. *Why Theology Is Never Far from Home*. Manila: De La Salle University Press, 2003.

Fernandez, Eleazar. *Towards a Theology of Struggle*. New York: Orbis Books, 1994.

Gaspar, Karl. *Pumipiglas: Teolohiya ng Bayan, A preliminary Sketch on the Theology of Struggle - from a Cultural-Liturgical Perspective*. Quezon: Socio-Pastoral Institute, 1986.

Holland, Joe at Peter Henriot. *Social Analysis, Linking Faith and Justice*. Washington: Orbis, 1980.



- Jocano, F. Landa. *Filipino Value System, Anthropology of the Filipino People IV*. Manila, Punlad, 1997.
- \_\_\_\_\_. *Filipino Worldview, Anthropology of the Filipino People*. Manila: Punlad, 2001.
- Küng, Hans. "A New Basic Model for Theology: Divergencies and Convergencies" in *Paradigm Change in Theology, A Symposium for the Future*, ed. Hans Küng and David Tracy. New York: Crossroad, 1991.
- Paz, Consuelo. "Ginhawa: Well-being Expressed in Philippine Languages," nasa *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati*. Quezon: University of the Philippines Press, 2008.
- \_\_\_\_\_. "Sino ang Mey Pasya?" nasa *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati*. Quezon: University of the Philippines Press, 2008.
- Pears, Angie. *Doing Contextual Theology*. Oxon: Routledge, 2010.
- Pieris, Aloysius. *An Asian Theology of Liberation*. New York: Orbis, 1988.
- Schreiter, Robert. *Constructing Local Theologies*. New York: Orbis, 2007.

### E. Mga Dyornal

- Arevalo, Catalino. "After Vatican II: Theological Reflection in the Church in the Philippines, 1965-1987," in *Landas 2* (1988), 11-24.
- Duremdes, Sharon Ruiz. "A Theology of Struggle," *Praxis 3-4*. WSCF Asia/Pacific Region, (1989): 4.

### F. Mula sa Internet

- de Mesa, Jose. "Buhay, Karanasan, Aral at Turo: A Filipino Hermeneutics of Experience" *East Asian Pastoral Review* (1995). Nakuha noong April 1, 2011 mula sa <http://eapi.admu.edu.ph/content/buhay-karanasan-aral-turo-filipino-hermeneutics-experience>.
- Glatz, Carol. "Pope Francis: Priests should be 'Shepherds Living with the smell of the Sheep (March 28, 2013)." Nakuha noong March 27, 2017, mula sa <http://www.thecatholictelegraph.com/pope-francis-priests-should-be-shepherds-living-with-the-smell-of-the-sheep/13439>.
- "Go to the Margins – Pope Francis Speaks," homily to new cardinals. Nakuha noong Feb. 14, 2015 mula sa <http://catholicworker.org.nz/the-common-good/go-to-the-margins-pope-francis-speaks/>.
- "Key quotes from the Pope's meeting with the Union of Superiors General," Staff Reporter (January 3, 2014) Nakuha noong March 27, 2017, mula sa <http://www.catholicherald.co.uk/commentandblogs/2014/01/03/key-quotes-from-the-popes-meeting-with-the-union-of-superiors-general/>.